

Be Internet Awesome.

Google

Smart  
Alert  
Strong  
Kind  
Brave

Family Guide



# Be Internet Awesome.

Minamahal naming magulang o tagapangalaga,

Una naming nilikha ang kurikulum na Be Internet Awesome para sa mga guro. Batid namin na ang pagtuturo ng digital safety at citizenship ay importanteng bahagi ng edukasyon sa kasalukuyan, ngunit alam din namin na ang tunay na pundasyon ng edukasyon at kaalaman ng kahit sinong bata ay ang sarili nitong tahanan, at di naiiba rito ang pagtuturo ng mabubuting asal online.

Mabilis ang pag-usad ng teknolohiya kaya minsan ay mahirap makasabay sa pag-unlad nito. Dahil dito, nilikha namin itong gabay na ito para sa inyong pamilya upang mas madaling maintindihan at maipatupad ang mabuting digital habits sa pang-araw-araw. Puno ito ng kaalaman at makatutulong sa inyo at sa inyong mga anak para pag-usapan, pag-aralan, at pag-isipan bilang isang pamilya ang limang bahagi ng Internet Awesomeness:

**Smart**, Mag-ingat sa Ibabahagi  
**Alert**, Huwag Magpaloko sa Peke  
**Strong**, Pangalagaan ang Personal na Impormasyon  
**Kind**, Cool Maging Mabuti  
**Brave**, Kapag May Pagdududa, Pag-usapan

Ang limang bahagi na ito ay importanteng kasapi ng programang Be Internet Awesome, na sa kasalukuyan ay ginagamit ng dumadami pang paaralan sa bansa at sa iba't ibang panig ng mundo. Kung ang inyong mga anak ay natuto gamit ang Be Internet Awesome sa kanilang paaralan, ang gabay na ito ay makakatulong sa inyo upang masundan at mapatibay ang kanilang kaalaman at natututunan sa silid-aralan.

Halimbawa, ang interactive online game ng Be Internet Awesome na Interland ay maaari ring laruin sa bahay. Sa katunayan, maaaring mag-enjoy ang iyong anak habang pinapakita ito sa iyo, o habang nilalaro ito kasama ka!

Nilikha namin ang gabay na ito para magsilbing hiwalay at natatanging pagkukunan ng impormasyon tungkol sa online safety at citizenship para sa inyong pamilya. Bukod pa sa online Interland games para sa bawat limang leksyon, matatagpuan niyo rin dito ang bokabularyo at punto ng talakayan na pwedeng pag-usapan ng pamilya, na siyang makakatulong rin upang maging matatag na batayan para sa ligtas na paggamit ng Internet.

Nawa'y masiyahan ang buong pamilya ninyo sa paggamit at pagsiyasat ng Be Internet Awesome!

Sumasainyo,  
Ang Bumubuo ng Be Internet Awesome  
at Internauts ❤️

 the net safety  
collaborative

 Google





Be Internet Smart

**Mag-ingat sa Ibabahagi**

04



Be Internet Alert

**Huwag Magpaloko sa Peke**

10



Be Internet Strong

**Pangalagaan ang Personal  
na Impormasyon**

14



Be Internet Kind

**Cool Maging Mabuti**

18



Be Internet Brave

**Kapag May Pagdududa,  
Pag-usapan**

23



Google

**Family Link**

29

# Mag-ingat sa Ibabahagi

Mabilis kumakalat ngayon ang impormasyon online, at kapag hindi tayo mag-iingat, maaaring tayong malagay sa isang di-kanis-nais na sitwasyon na may pangmatagalang epekto sa atin.

Ano ang solusyon? Kailangan nating matutunan kung paano at ano ang dapat ibahagi sa mga taong kilala at di kilala.



---

## Mga Layunin

- ✔ **Alamin** at intindihin kung anu-ano ang mga uri ng impormasyon na pwedeng ibahagi sa iba at anu-ano naman ang dapat ilihim o gawing pribado para lamang sa sarili o sa pamilya.
- ✔ **Pag-usapan** bilang isang pamilya kung ano ang pwedeng gawin ng inyong mga anak kung hindi sila sigurado kung ano ang pwede nilang ibahagi at kanino ito pwedeng ibahagi.
- ✔ **Matutunan** kung paano tingnan at suriin ang pagiging pribado mula sa iba't ibang pananaw.

---

## Bago Kayo Magsimula

Ang ating online privacy ay nakabatay sa impormasyon tungkol sa ating sarili at sa ating pamilya na ating ibabahagi o hindi online -- lalo na sa social media. Isang napakahalagang kasanayan para sa mga bata ay malaman nila kung ano ang pwede at hindi pwedeng ibahagi. Ito ay isang kahusayan na makakamtan sa madalas na pagsasanay, at pinakamainam na ito'y masimulan sa sariling tahanan.

Bahagi ng paglinang ng kasanayang ito ay ang pag-iisip sa dalawang uri ng pagbabahagi na ginagawa ng mga pamilya: panloob (mga bagay na ibinabahagi mo lamang sa iyong pamilya) at panlabas (mga bagay na ibinabahagi mo sa mga taong hindi miyembro ng pamilya).

### **Pagbabahagi sa pamilya:**

Karamihan ng mga pamilya ay naghihiraman ng mga device kabilang na ang mga bata - para maghagilap ng impormasyon, makipag-usap sa lola o lolo na nasa malayong lugar, bumili ng produkto online, maglaro ng online games, o manood ng video habang abala ang magulang. Pero importanteng malaman at maintindihan kung ano talaga ang nahihiram at nababahagi kapag pinapahiram ang inyong device.

Kaakibat ng pagpapahiram ninyo ng inyong device sa inyong mga anak ay para niyo na rin silang pinahintulan na ma-access at posibleng palitan ang inyong settings, contacts, passwords at impormasyon ng credit card, dahil lahat ng ito'y nasa inyong device. Iba dito ay baka hindi nararapat nilang makita, magamit, o maibahagi sa iba. Posible ding magamit ng mga bata ang device ng magulang para mag-download ng mga app o mag-sign-up sa mga bagay na delikado o di ligtas. Magandang ideya din na pag-isipan kung dapat bang ibahagi ang personal na password sa ibang miyembro ng pamilya (dahil magandang ideya din na hindi dapat ibahagi ang password sa ibang tao). At sa wakas, nais namin na gamitin ninyo ang gabay na ito upang makatulong gumawa ng desisyon batay sa impormasyon at kaalaman na inyong nabasa na nababagay sa inyong pamilya.

## **Pagbabahagi sa mga taong hindi miyembro ng pamilya:**

Ang buhay natin online ay sumasalamin sa ating totoong buhay: may mga personal at pampamilyang impormasyon na hindi dapat malaman ng ibang tao. Ang mga impormasyong ito ay hindi lamang may kinalaman sa mga password o address, kung hindi mga personal na impormasyon din - gaya ng kung kailan at saan kayo magbabakasyon o kung sino sa pamilya ang nagdadalang-tao.

Marahil marami ka pang sitwasyon na maiisip tulad ng mga nabanggit pero para matulungan kayong makapagsimula, tingnan muna ang listahan ng mga bokabularyo para sa araling ito at pagkatapos ay pag-aralan ang aming apat na senaryo sa pagiging pribado. Magsanay kasama ng pamilya upang ang bawat isa ay makaambag at matutunan kung ano ang pwedeng ibahagi at kung ano ang hindi.

## **Bokabularyo**

### **Pagiging Pribado Online (Online Privacy)**

Malawak na kataga na ang karaniwang kahulugan ay ang abilidad na makontrol kung anong impormasyon ang iyong ibabahagi tungkol sa iyong sarili at kung sino lamang ang maaaring makakita at makakapagbahagi nito sa iba.

### **Digital footprint (o digital presence)**

Ang iyong digital footprint ay ang kabuuang impormasyon tungkol sa iyo na makikita online. Ito ay kinabibilangan ng mga larawan, audio, video, texts, o mga ni-like mo o mga comment na pinost mo sa social media ng iyong mga kaibigan. Tulad ng nag-iwan ka ng bakas ng paa kapag naglalakad, ang anumang ipino-post mo online ay nag-iwan rin ng iyong mga bakas.

### **Reputasyon**

Mga ideya, opinyon, impresyon, o mga paniniwala ng ibang tao tungkol sa iyo, na di ka nakakasiguro kung positibo o negatibo, subalit sa karaniwan ay nanaising maging positibo o maganda ito.

### **Personal na impormasyon**

Impormasyong tumutukoy sa isang partikular na tao. Halimbawa, iyong pangalan, address, numero ng telepono, email address, SSS Number, atbp., ay tinatawag na mga personal (o sensitibong) impormasyon. Mag-isip ng maigi bago ibahagi online ang ganitong uri ng impormasyon.

### **Sobrang Pagbabahagi (Oversharing)**

Ang labis na pagbabahagi ng impormasyon online – karaniwan ito ay ang sobrang pagbabahagi ng personal na impormasyon sa isang sitwasyon o usapan online.

### **Settings**

Ito ang bahagi ng lahat ng mga produktong digital, app, website, atbp., na kung saan maaari mong baguhin o ayusin kung ano ang iyong ibabahagi at kung paano pangangasiwaan ang iyong account – kabilang na rin dito ang setting ng pagiging pribado ng iyong account.

## Gawaing Pampamilya

### Senaryo 1

#### Mga senaryo sa pagiging pribado: Ano ang iyong gagawin?

Sabik ka na at ang iyong mga anak sa plano ninyong pagbisita sa kanilang mga lolo at lola. Hiniram ng isa mong anak ang iyong smartphone para mag-post tungkol sa nalalapit niyong biyaha sa iyong social media profile – kelan kayo aalis at saan kayo pupunta, at nag-post din ng mga larawan at "itinag" ang lahat, kabilang ang kaniyang lolo at lola. Dapat mo bang...

- Pagsabihan sila na burahin ang post dahil hindi magandang i-post sa social media ang petsa at lokasyon ng pagbabakasyon dahil para mo na ring sinabi sa buong mundo na walang tao sa inyong bahay sa panahong iyon?
- Tanungin sila kung humingi at nakatanggap ba sila ng permiso mula sa kanilang lolo at lola na pumapayag i-post ang mga larawan at i-tag sila sa social media?
- Paalalahanan sila na laging humingi ng permiso sa taong kinuhaan nila ng litrato at pinag-usapan online bago nila ito i-post?
- Pagsabihan sila na pwede silang lumapit at magtanong sa iyo anumang oras kung hindi sila sigurado sa ibabahagi nila online?

**Patnubay para sa mga magulang:** ang lahat ng ito ay mabuting mapag-usapan ng pamilya. Marahil napagsabihan mo na ang iyong mga anak na hindi magandang ideya na ipaalam sa buong mundo na walang tao sa bahay, ngunit importante rin na maunawaan ng mga bata na lahat ng tao ay may iba't ibang pakiramdam kung ano tungkol sa kanila ang pwede lang ibahagi online.

### Senaryo 2

Inanunsyo ng iyong kapatid sa iyong pamilya na siya'y buntis, at masaya ang iyong mga anak na magkakaroon sila ng bagong pinsan. Sinabi ng panganay mo sa iyo na pinost niya ang litrato ng kanyang tita at tito habang binabahagi ang magandang balita. Pero nalaman mo lang ito nang makatanggap ka ng mensahe mula sa iyong kapatid, "Paano nalaman ni Nanay at Tatay na nagdalalang-tao ako? Hindi ko pa naman sila sinasabihan!" Dapat mo bang...

- Sabihin sa iyong mga anak na ang pagsisilang ng sanggol ay isang magandang bagay pero ito ay napaka-personal na impormasyon din. Alam mong sabik sila para rito, ngunit ang taong nagdadalang-tao ang siyang dapat magdesisyon kelan, paano at kanino ibabahagi ang balitang ito?
- Sabihan ang iyong anak (at lahat ng iyong anak) na alam mong hindi niya balak manakit o makasama ng loob ng iba ngunit kailangan niyang tanggalin kaagad ang kanyang ipinost at tawagan ang kanyang tiyahin upang humingi ng tawad sa pag-post ng personal na detalye ng walang pahintulot niya?

## ◆ Mag-ingat sa Ibabahagi.

- Pag-usapan bilang isang pamilya ang iba't ibang uri ng mga impormasyong pwedeng ibahagi sa social media at pag-usapan kung ano nararapat: ang para lang sa pamilya, sa ibang kamag-anak, sa mga kaibigan, at ang pangkalahatan.

**Patnubay para sa mga magulang:** Ang mga ganitong uri ng diskusyon kapag may nangyari tulad ng ganitong sitwasyon ay nakakabuti; hindi mo kailangan magmadali para talakayin ang lahat ng iba pang posibleng sitwasyon. Hindi dapat malula ang mga bata. Hindi naman naiiba ang leksyong ito sa iba pang mga sitwasyon kung saan pwedeng maturuan ang mga bata tungkol sa pagbibigay respeto sa pagiging pribado ng ibang tao – isa sa layunin ng gabay na ito ay ipakita kung paano ang leksyong ito ay maaari ring gamitin o iakma sa paggamit ng teknolohiya.

## Senaryo 3

Habang naghahanda ka ng hapunan, sinabihan ka ng iyong 5th grade na anak na tapos na niya ang kanyang takdang aralin at nais niyang maglaro ng isang online game na nirekomenda ng kanyang mga kaibigan. Nagmakaawa siya sa iyo kung pwede niyang i-download ang app sa iyong tablet at maglaro hanggang hapunan. Mga bagay na dapat isaalang-alang:

- Nagtakda ka na ng mga striktong alituntunin sa paggamit ng iyong tablet, kabilang na ang pagbawal sa pagpalit ng iyong password, ang pagtawag sa iyong contacts, at ang pag-download ng mga app ng walang pahintulot. Kailanman hindi pa siya nagsisinungaling sa iyo tungkol sa kanyang balak na paghiram at paggamit ng iyong tablet, kaya binigyan mo siya ng pahintulot mag-download at maglaro.
- Hindi ka sigurado kung ang lahat ng mga laro ng kanyang mga kaibigan ay nababagay rin sa kanya kaya pinahintulutan mo siyang i-download ang app ngunit hindi niya puedeng laruin ito hanggat hindi mo nasusuri kung angkop at ligtas ito para sa kanya.
- Sa iyong palagay, okay lang naman na i-download niya ang laro pero nagdesisyon kayo bilang pamilya na hindi niyo ibabahagi kahit sa isa't isa ang inyong mga personal na password. Kaya sinabihan mo siya na ibigay sa iyo ang tablet para ma-unlock mo ito para sa kanya.
- Alam ng anak mo ang iyong password pero sinabihan mo siyang maghintay na makapaghapunan muna kayo bago siya maglaro para masiyasat mo ang laro. May tiwala ka sa kanya na makakahanap siya ng ibang libangan habang naghihintay.

**Patnubay para sa mga magulang:** Kung alinman sa mga ito ang pinakamainam ay nakasalalay sa inyong pamilya at sa mga "house rules" na inyong itinatag para maging ligtas online ang mga bata at maprotektahan ang inyong mga device. Kung hindi pa kayo nagtatatag ng mga polisiya at alituntunin tungkol sa mga password, paghihiraman ng mga device, pag-download ng mga app, at paglalaro ng online games, siguro ay mainam na subukang gumawa ng tuntunin kahit para sa isa sa mga halimbawang binanggit upang makapagtatag ng pundasyon para sa sarili ninyong bersyon ng "house rules".



## Senaryo 4

Nagsumbong sa iyo ang iyong anak na mayroon siyang kaeskwela na nag-post sa social media tungkol sa kanyang best friend ng isang bagay na totoo ngunit ito'y sikreto, at dahil dito, napahiya ang kanyang best friend. Nalungkot ang iyong anak para sa kanyang kaibigan. Dapat mo bang...

- Pag-usapan ang nangyari bilang pamilya at tanungin ang bawat isa kung ano sa tingin nila ang kahulugan ng pagiging pribado online at offline? At kung bakit mahalagang igalang ang pagiging pribado ng ibang tao kagaya ng pagpapahalaga natin sa pagiging pribado natin?
- Tanungin ang iyong anak kung gusto ba ng kanyang kaibigan na kausapin nya ang ka-eskwela na nag-post para ipabura ito at sabihan kung bakit nais niyang matanggal ang nasabing post (at syempre, tanungin din ang iyong anak kung komportable ba siyang gawin iyon)?
- O subukan ang parehong payo sa itaas?

**Patnubay para sa mga magulang:** Maraming mga aral sa buhay na maaaring matutunan sa social media. Tulad ng sa tunay na buhay, ang pagtatalakay sa mga negatibo o masamang sitwasyon bilang isang pamilya at ang pag-uusap sama-sama kung ano ang posibleng susunod na hakbang ay isang magandang pagkakataon para matuto ang mga bata ng makabuluhan at mahalagang leksyon sa buhay.



### Mindful Mountain

Ok. Marami ka nang natutunan na kaalaman tungkol sa pagbabahagi. Ngunit bago ka magpaalam at gumamit ng Internet, maaari ba muna nating subukan ang iyong karunungan? Ang bulubunduking nayon ng Interland na kung saan ang bawat isa ay nakikihalubilo sa kapwa ay magandang lugar upang maipakita ang iyong bagong kakayahan.

Ngunit dapat kang maging maingat sa kung ano ang iyong ibabahagi at kung kanino mo ito ibabahagi. Kagaya ng binaggit namin sa umpisa ng gabay na ito, napakabilis kumalat ng impormasyon... at mayroong mga taong labis-labis kung magbahagi, di ba?

Buksan ang web browser sa iyong desktop o mobile device at bisitahin ang [g.co/MindfulMountain](http://g.co/MindfulMountain)

# Huwag Magpaloko sa Peke

Mahalagang ipamulat sa mga bata na ang mga bagay na nakikita nila online ay hindi laging tama, makatotohanan o mapagkakatiwalaan.

Ang pagsusuri at pagkilala kung ano ang tunay at ano ang hindi ay napakahalaga para sa online safety at citizenship.



---

## Mga Layunin

- ✔ **Unawain** na hindi dahil nasa internet, awtomatikong totoo o tunay na kaagad ito.
- ✔ **Intindihin** kung paano gumagana ang online search at kung bakit mahalagang gumamit ng kritikal na pag-iisip sa tuwing maghahanap sa Web ng impormasyon at iba pang kaalaman.
- ✔ **Pag-isipan** ang halaga ng mga search result, website at iba pang mapagkukunan ng impormasyon at maging alerto sa mga mali o nakalililang na impormasyon, "fake news", at pagmamanipla.

---

## Bago Kayo Magsimula

Naging malaking bahagi na ng araw-araw na pamumuhay ang paggamit ng online search. Karaniwan na rin itong naging bahagi ng buhay pamilya -- bago pa man magsimulang mag-aral ang mga bata sa eskwelahan. Ang pag-aaral kung paano susuriing mabuti ang mga search result at kung paano gumagana ang mga search engine ay isa sa mga pangunahin at kapaki-pakinabang na kasanayang maaaring sama-samang matutunan ng pamilya.

### Ano ba ang ibig sabihin ng "search"?

| Search



Gamit ang search engine na siyang nag-oorganisa ng impormasyon, mas madali nang makahanap at makahagilap ng kaalaman sa paggamit ng online search. Halos lahat ng modernong device ay may kakayahang mag-search, pero walang kakayahang magsabi o matukoy kung ang nahanap na impormasyon ay tunay, hindi tunay, o kung ito ay impormasyong mapagkakatiwalaan -- kusang katalinuhan ng tao pa rin ang makakagawa nito. Subalit kailangan pa rin ng pagsasanay para mahasa ang iyong Internet "reality check" na kakayahan. Subukan ang aktibidad na matatagpuan pagkatapos ng Bokabularyo -- makakatulong ito upang ang pamilya niyo ay maging mahuhusay na "Internet online searchers"!

## Bokabularyo

### Search engine

Isang programa na humahanap at tumutukoy ng mga impormasyon sa isang database na naaayon sa tanong ng isang user.

### Web crawler

Tinatawag ding "bot" – ito ay isang programang gumagana sa loob ng isang search engine software na palaging "gumagapang" sa internet para ayusin o iindeks (lagyan ng talatuntunan) ang mga nilalaman ng isang site at database na binibisita nito upang sa gayon ay makatugon sa mga tanong sa search box.

### Virtual assistant

Gaya ng web crawler, ang virtual assistant ay kumukuha rin ng mga impormasyon sa mga search database, impormasyon ng user, at iba pang website upang makatulong na mapadali ang pag-search sa pamamagitan ng awtomatikong pagsagot sa mga katanungan, pagbibigay ng tagubilin (tulad ng pagbibigay

direksyon sa bahay ng iyong bagong kaibigan), o paggawa ng mga simpleng gawain (gaya ng pagtugtog ng kanta).

### Search result

Ang listahan ng mga website o iba pang mapagkukunan ng impormasyon na ipinapakita sa pahina ng search engine bilang tugon sa kung ano ang hinahanap ng isang user.

### Safe search

Isang setting na maaaring paganahin ng mga magulang para salain ang mga nilalaman ng search result na sa tingin nila ay hindi naaangkop para sa mga bata; maaari itong buksan o isara anumang oras.

### Misinformation

Hindi totoo, hindi tunay, hindi tama o nakakalinlang na impormasyon.

### Disinformation

Misinformation (tingnan ang kahulugan sa itaas) na sadyang

ibinibigay para manloko o manlinlang ng mga tao, kabilang dito ang mga propaganda mula sa kalabang partido o ibang gobyerno.

### Verifiable

Isang bagay na maaaring mapatunayan kung ito ba ay totoo o wasto.

### Mapanlinlang

Hindi totoo; isang aksyon o mensahe na ginawa upang manloko, manlinlang, o mandaya ng tao.

### Manipulasyon

Isang tao o grupo ng mga tao na nagkokontrol o nag-iimpluwensya ng ibang tao o sitwasyon ng hindi patas, puno ng kasinungalingan, o pagbabanta. Ang manipulasyon ay maaari ring mga impormasyon, data, o mga larawan na in-edit o ipinakita sa hindi nito totoong konteksto para paniwalaan mo ang isang bagay na hindi naman totoo.

---

## Gawaing Pampamilya

### Pagiging matalinong web searcher

- Kasama ng iyong pamilya, kumuha kayo ng tablet o kompyuter (pwede rin naman ang smartphone kaso baka mahirapan ang lahat na makita ng maayos ang maliit na screen) at pagkatapos ay magbukas ng isang search engine homepage.
- Tingnan kung nakabukas ang Safe Search. (Makikita ito sa "Setting" o "Preferences" ng iyong search engine.)
- Pumili ng paksang kinahihiligan ng iyong anak (atleta, paborito nilang kawanggawa, aktor o mang-aawit, pelikula, manunulat, atbp.) at i-type ito sa search box.

- I-click ang iba't ibang mga resulta mula sa itaas hanggang sa mga resulta sa ibang pahina. Tanungin ang mga ito kung ano ang masasabi nila sa mga resulta na nasa pinakaunahan kontra sa mga resulta sa ibang pahina. Alin ang mas pinagkakatiwalaan nila? Bakit o bakit hindi?
- May mga resulta ba na hindi ninyo binisita? Bakit? (May mga "sponsored" o ads ba? Bakit ayaw niyong i-click ang mga ito? May mga posible bang pagkuhaan ng impormasyon ngunit inyong iniwasan? Bakit?)
- Pag-usapan ninyo ang pinagkuhaan ng impormasyon at ang kalidad nito, pati na rin ang "About" na bahagi ng site, atbp.
- Narito ang ilang halimbawa ng mga tanong na maaari ninyong tanungin sa isa't isa: Kapag nag-search ka ng artista o atleta, positibo ba ang nilalaman nito (baka ito ay site ng isang isponsor o fan)? Kung negatibo o mapamintas naman ang impormasyon, malalaman mo ba ang pinagmumulan ng kritisismong ito? (May impormasyon ba na tungkol sa may-ari ng site sa "About Us" na bahagi ng site, tulad ng kanyang background at kredensyal?) Maging ito man ay negatibo o positibo, maaari mo bang masabi kung ang taong ito ay talagang alam ang kanyang sinasabi o sadyang nagsisiwalat lang ng kanyang kurukuro at opinyon? Kung site ito ng mga balita, popular ba ito at mapagkakatiwalaan? Kung hindi, maaari kang mag-search ng higit pa tungkol dito upang malaman kung naghahayag ba ito ng mga impormasyon sa isang balanseng pamamaraan.
- Bilang pamilya, maaari rin kayong mag-isip ng sariling katanungan – mabuti ang nagtatanong! Ang kritikal na pag-iisip tungkol sa mga bagay na nakikita natin sa online search ay pundasyon sa digital literacy at mahalagang unang hakbang para maging ligtas online.




### Reality River

Ngayong alam mo na kung paano maging ligtas online, subukan ang iyong galing. Ang ilog na dumadaloy sa Interland ay puno ng mga katotohanan at mga kathang-isip. Ngunit hindi lahat ng nakikita o nakagisnan ay katotohanan. Para makatawid sa mga rumaragasang agos, gamitin ang iyong pinakamahasay na husga.

Buksan ang web browser sa iyong desktop o mobile device at bisitahin ang [g.co/RealityRiver](http://g.co/RealityRiver)

# Pangalagaan ang Personal na Impormasyon

Ang seguridad ng iyong impormasyon, account, at device ay kasinghalaga rin ng iyong pagiging pribado. Ang pagkakaroon ng malakas na password at ang hindi pagbabahagi nito ay mahalagang hakbang upang mapangalagaan ang iyong device, pagkakakilanlan, reputasyon, at kaugnayan.



---

## Mga Layunin

- ✔ **Unawain** kung bakit mahalaga ang digital security at kung paano ito makakamit.
- ✔ **Matutong** gumawa ng malakas na password.

---

## Bago Kayo Magsimula

Alam mo ba na noong 2017, ang dalawang pinaka-popular na password ay “123456” at “password”? Pinoprotektahan ng mga password ang ating personal na impormasyon, device, pagkakakilanlan, reputasyon, at kaugnayan. Kapag mahina ang napiling password, mas madali para sa mga masasamang taong ma-access o manakaw ang iyong personal na impormasyon. Isa sa mga pangunahing at mahalagang bagay na maaari nating maituro sa mga bata ay ang paggawa ng malakas na password.

Ang mga pinakamaganda at pinakamabisa na payo sa paggawa at pagpapanatili na malakas ang mga password ay ang mga sumusunod:

- Dapat ito ay madaling matandaan ngunit huwag gumamit ng personal na impormasyon gaya ng kaarawan o pangalan ng alagang hayop.
- Gumamit ng halu-halong malaki at maliit na titik, mga simbolo at numero.
- P@L!T@N @ng mg@ L3tra ng Simb0l0 g@y@ n3T0. (may dalawang pakinabang ito: una, madaling matandaan ang password; pangalawa, mahihirapan ang isang program na i-crack o hulaan ang iyong password.)
- Gumamit ng walong karakter o higit pa – mas mahaba, mas mainam.
- Magpalit-palit – huwag gumamit ng parehas na password sa iba’t ibang site at device. Ngunit maaari kang gumawa ng iba’t ibang bersyon ng iisang password sa iba’t ibang account.
- Laging gumamit ng screen lock sa iyong mga mobile device.
- Pag-isipang gumamit ng isang password manager: ito ay isang app o program na tutulong subaybayan at pangalagaan ang iyong mga password kung sakaling makalimutan mo ang mga ito (karamihan ng mga kasalukuyang internet browser ay may ganitong security feature na siyang kusang gagawa nito para sa iyo).

## Bokabularyo

### Seguridad

Pagprotekta sa mga aparato at software at sa mga impormasyong nakalagay dito.

### Password o passcode

Lihim na kombinasyon ng mga letra, numero, at simbolo na ginagamit para ma-access ang isang bagay. Mayroon itong iba't ibang uri gaya ng apat-na-numero na code na iyong ginagamit para mai-lock ang iyong smartphone o tablet o kaya naman ay ang mas komplikadong password para sa iyong email, social media, o account sa bangko. Sa pangkaraniwan, dapat gumawa ng komplikadong password ngunit madaling matandaan.

### Two-step verification

*(Tinatawag ding two-factor verification at two-step authentication)*

Isang panseguridad na proseso na nangangailangan ng hindi lamang password o username,

kung hindi iba pang bagay na ikaw lang ang mayroon upang sa gayon ay mahirapan ang mga masasamang loob na ma-access (o manakaw) ang iyong personal na datos o pagkakakilanlan. Halimbawa nito ay ang mga account na pagkatapos mong mailagay ang iyong username at password ay padadalhan ka ng code sa iyong smartphone o email at kailangan mo itong mailagay bago lumipas ang itinakdang oras para tuluyang makapasok.

### Encryption

Isang proseso na tumutulong protektahan ang mga impormasyon (gaya ng mga mensahe na ipinapadala mo online) sa pamamagitan ng paghahalo-halo ng mga datos para mahirap itong ma-decode.

### Complexity

Ang layunin sa paggawa ng malakas na password. Ang isang password ay itinuturing na komplikado kung ito ay pinaghalo-halong mga numero, espesyal na karakter (tulad ng "\$" o "&") at maliit at malaking titik. Ang haba (dami ng ginamit na karakter) ay nagpapataas din sa complexity ng isang password.

### Hacker

Isang taong gumagamit ng kompyuter para ilegal at di-awtorisadong ma-access ang device o personal na impormasyon ng ibang tao o organisasyon.

---

## Gawaing Pampamilya

### Sama-samang gumawa ng malakas na password

Tandaan bago simulan ang mga sumusunod na aktibidad:

Ang pagsasanay na ito ay para sa buong pamilya subalit inirerekomenda namin na ang gagawing password ay kunwa-kunwari lamang muna. Bakit? Dahil magandang ideya na masanay kayo na ang password ay hindi dapat ipinapaalam sa iba. Hindi sa inyong BFF, mga pinsan, o kahit pa sa mismong miyembro ng pamilya. Personal ang password.



Inaalagaan nito ang mga permiso para sa ilang tao (tulad ng mga magulang) at hindi para sa iba (tulad ng mga bata).  
Pinoprotektahan ka rin nito upang hindi ka maloko ng ibang tao.

1. Mag-isip ng mga nakakatawang kataga o pangyayari na naaalala ninyo, katulad ng paboritong pelikula ng pamilya, o librong pambata, o kailan at saang mataas na paaralan nagtapos ang isa sa iyong mga anak, atbp.

**Halimbawa:** Si Ethan T Rex ay magtatapos sa taong 2023 sa Paaralan ng George Washington.

2. Gamitin ang unang letra mula sa ilang salita o lahat ng mga kataga o titulo.

**Halimbawa:** ETRexwgfGWashingtoni23

3. Palitan ang ilang titik ng mga numero o simbolo.

**Halimbawa:** 3TRexwgfGWash1ngton!23

4. Gumamit ng maliit at malaking titik.

**Halimbawa:** 3TRexwgfGWash1ngton!23

At yun na! Nakagawa na kayo ng malakas na malakas na password.

**Susunod:** Gawing asal ang paggawa ng malalakas at matitibay na password, at palaging siyasin at suriin ang mga ito, at higit sa lahat, huwag ipaalam sa iba, kahit na sa ibang miyembro ng pamilya. Kung kayo ay naghihiraman ng mga device, mamili kung sino ang tunay na mga "may-ari" nito (kaakibat na ang password nito). Kapag mayroong gustong gumamit ng device na hindi kanila, kailangan hingan nila ng pahintulot ang tunay na may-ari para mai-unlock ito.



#### **Tower of Treasure**

Ngayong alam mo na kung paano protektahan ang iyong impormasyon, tingnan natin kung kaya mo nang maging malakas online. Mayday! Ang Tower of Treasure ay nabuksan na! Nanganganib ang mga mahahalagang bagay ni Internaut (gaya ng contact information at mga pribadong mensahe)!

Unahan ang hacker at gumawa ng mala-kutang malalakas na password upang maprotektahan ang iyong mga sikreto.

Buksan ang web browser sa iyong desktop o mobile device at bisitahin ang [g.co/TowerOfTreasure](https://g.co/TowerOfTreasure)

# Cool Maging Mabuti

Ang Internet ay isang napakahusay na paraan ng komunikasyon, at malalaman mo ito sa pamamagitan ng...mismong Internet din. Makikita mo na ito ay magagamit (at patuloy na ginagamit) upang magpalaganap ng mga kwento at impormasyong nagbibigay inspirasyon at pag-asa. Ngunit pwede rin itong maging negatibo, tulad ng mga komentaryo at opinyon na puno ng pagkasuklam at galit.

Dito ka na pwedeng magkaroon ng positibong epekto. Malakas ang impluwensya ng pamilya sa mga bata, at posible niyong turuan sila "to take the high road" sa pamamagitan ng pagtuturo ng Gintong Aral -- itrato ang iba kung paano mo gustong tratuhin ka -- sa pagsuporta sa kanilang mga kaibigan, at sa pagpigil sa mala-dramang sitwasyon at puksain ang cyberbullying.



---

## Mga Layunin

- ✔ **Pagtukoy** kung ano ang kahulugan ng positibong asal sa inyong pamilya.
- ✔ **Unawain** kung ano ang positibong asal at gawa at kung paano ito maipapakita at maipapahayag online gamit ang mga device.
- ✔ **Pagkilala** sa mga sitwasyon kung saan mas mabuting maghintay upang personal na makapag-usap kaysa magpadala ng text o mag-post online – at kung kailan kailangan humingi ng tulong mula sa magulang o nakatatandang kapatid.

---

## Bago Kayo Magsimula

Kapag may isang taong nagkamali (at madalas itong mangyari online kahit hindi sinasadya), mas mabilis makaunawa at magpatawad ang kapamilya. Sila rin ay may kakayahang tumulong na matuto ang kapamilya sa kanyang pagkakamali. Kaya naman dapat na simulan ang pagpapakita ng kabutihan, respeto, at pagiging positibo online sa loob ng inyong pamilya. Makakatulong ang kapamilya kapag mayroong nagiging masama (minsan sa pamamagitan lamang ng pakikinig). Maaari ring suportahan ang bawat isa upang maging mga upstander – mga taong sumusuporta at tumutulong sa mga taong ginagawan ng hindi maganda.

Kung hindi pa ninyo nagagawa, pag-usapan ninyo ngayon kung ano ang mga asal at gawa ang mahalaga sa inyong pamilya. Pag-usapan niyo rin kung paano ninyo itinuturing ang ibang tao. Paano ninyo ito ipapakita sa mundong digital gamit ang mga text, post, komento, larawan, at video?

May inihanda kaming ilang mga bokabularyo upang maunawaan ninyo ang mga positibo at negatibong asal. Lumikha rin kami ng mga aktibidad na makakatulong maipakita ang epekto ng mga text at iba pang digital na mensahe na ipinapadala sa iba ng hindi man lang pinag-iisipan.

## Bokabularyo

### Bullying

Sadyang pagmamaltrato at pagpapakita ng masamang ugali o gawain sa iba, na kadalasan ay inuulit-ulit. Ang taong binu-bully ay kadalasang walang kakayahang ipagtanggol ang sarili.

### Cyberbullying

Ang pambu-bully na nangyayari online gamit ang mga digital na device. Ang cyberbullying ay kinabibilangan ng pagpapadala, pagpopost, o pagbabahagi ng mga negatibo, nakakasakit, hindi totoo, o masasamang nilalaman pati na rin ang pagbabahagi ng pribado at personal na impormasyon tungkol sa isang tao para siya ay ipahiya.

### Harassment

Termino na may mas malawak na kahulugan kaysa sa bullying. Ito ay may iba't ibang uri gayagay ng paninira, pang-iinis, pananakot, panunukso, atbp. At ito ay maaari ring mangyari online.

### Conflict

Pagtatalo o hindi pagkakasundo na hindi naman laging nauulit.

### "Drama"

Isang kolokyal na terminong mas ginagamit ng mga estudyante kaysa sa mga matatanda. Ito ay tumutukoy sa malawak na pag-uugali -- mula sa paghahanap ng atensyon at pagpapakalat ng tsismis, alitan ng mga estudyante, hanggang sa mas seryosong pagtatalo na may kasamang pisikal at emosyonal na pananakot. Naiiba ito sa bullying dahil walang mas malakas o mas mahina rito.

Ang mga taong sangkot minsan ay biktima, at minsan naman ay nang nambibiktima. Hindi ibig sabihin nito na hindi nakakasakit ang asal na ito o hindi ito lalala. Ang mga "drama" sa pagitan ng mga estudyante ay maaaring lumaki o kaya naman ay kusang mawala sa paglipas ng panahon, o kailangan nang pakialaman ng iba para ito ay matuldukan.

### Aggressor

Ang taong gumagawa ng pambu-bully, minsan tinatawag na lang itong "bully".

### Target

Ang taong binu-bully, na-harass o nabiktima.

### Bystander

Saksi sa isang harassment o pambu-bully subalit piniling manahimik dahil sa takot na siya ay gantihan o ayaw lang makialam.

### Upstander

Hindi tulad ng Bystander, ang UPstander ay saksi rin sa isang harassment o pambu-bully ngunit piniling makialam at nagpapakita ng suporta sa biktima, pribado man o lantaran. Minsan sila mismo ang pumipigil sa pambu-bully o nire-report ang insidenteng kanilang nasaksihan.

### Block

Isang aksyon at opsyon, lalo na sa social media, na pinuputol ang lahat ng uri ng interaksyon (at minsan pati ang relasyon) sa isang kakilala o kaibigan. Kapag na-block na ang isang tao, hindi na nila maaaccess ang iyong profile, hindi na

makakapagpadala ng mga mensahe sa iyo, hindi na makikita ang iyong mga posts, atbp, nang hindi sila naabisuhan. Tinutuldukan nito ang pagkakaroon ng koneksyon online (sa channel na ginagamit) mula sa bully ngunit maaaring hindi nito matutuldukan ang pangha-harass. Maaari pa ring makapag-post ang mga bully tungkol sa ibang bata kahit pa ang taong binu-bully ay hindi ito pinapansin.

### Mute

Ang pag-mute ay isang paraan para hindi na makita ang mga post, komento, atbp. ng isang tao sa social media feeds, lalo na kapag nakakainis na ang iyong nababasa. Katulad ng pag-block, hindi rin aabisuhan ang taong na-mute. Ngunit hindi katulad ng block, hindi permanente ang pag-mute sa ibang tao (Kapag patuloy pa rin ang pambu-bully sa iyo ng isang tao, mas maigi pa siguro na i-block mo na lang ang mga ito.)

### Trolling

Ang sadyang pag-post o pag-komento online ng malulupit, nakakasakit, o nakakainsultong salita o larawan.

### Report Abuse

Ang pagre-report gamit ang online tools o system ng tinatangkilik na social media sa mga harassment, bullying, pananakot, pagbabanta at iba pang nakakasakit na nilalaman na karaniwan ay lumalabag sa terms of service ng isang website o kumpanya. o ang mga panuntunan ng komunidad.

## Gawaing Pampamilya

### No. 1: Pag-iingat sa tono ng iyong pananalita

Ang tono ng isang text ay ang diwa nito – ang pakiramdam ng taong tumanggap nito, kung ito'y mabuti o masama. Dahil nakasanayan nang magpadala ng mga mensahe ang mga magkakapamilya (gamit man ang Messenger o Direct Message), kadalasan ay hindi na pinag-iisipan kung ano ang dating nito sa iba. Sa mga taong kilala natin, ang pag-text ay isa lamang dagdag na paraan upang makapag-usap o makapag-konek. Ngunit kung hindi masyadong kilala, ang isang text o emoji ay posibleng magkaroon ng ibang kahulugan o interpretasyon, maliban sa intensyon ng nagpadala ng mensahe. Kaya narito ang simpleng aktibidad na pwedeng pag-isipan at pag-usapan batay sa sitwasyong inilarawan:

1. Kumuha ng dalawa o higit pang smartphone at buksan ang iyong text message (o messaging app na ginagamit ng lahat) at magsimula ng pag-uusap. Pwede itong totoo o gawa-gawang sitwasyon lang – halimbawa, bagay na gagawin ninyo sa katapusan ng linggo, o bagay na nangyari sa paaralan, o taong nanginghingi ng tulong mula sa miyembro ng pamilya, atbp.
2. Basahin ng malakas ang usapan sa iba't ibang tono ng boses – masaya, malungkot, galit, atbp.
3. Pag-usapan kung ano ang napansin ninyo habang nakikinig. Ano ang naramdaman mo nang marinig mo ito? Ano sa tingin mo ang mararamdaman o maisip ng ibang tao? May mas maganda pa bang paraan para sabihin ang mga salitang iyon? Marahil may maisip pa kayong iba pang mga tanong, itanong lang ito.
4. Susunod, gumawa ulit ng pag-uusap gamit ang ibang tono naman, galit o malungkot. Basahin din ito ng malakas at pag-usapan kung ano ang iyong naramdaman habang nakikinig kayo.

### No. 2: Ano ang maaaring gawin ng mga bata para labanan ang social negativity

Narito ang ilang mga punto ng talakayan (at mga tanong) para sa pag-uusap sa pagitan ng magulang at anak tungkol sa social scene sa kanilang paaralan. Piliin kung alin ang akma sa inyong pamilya.

- Mabuti ba ang pakikitungo sa isa't isa ng mga bata sa paaralan?
- May nakita ka na bang masama ang pakikitungo sa iba ng ilang beses na o matagal nangyari?
- Kilala mo ba ang mga batang sangkot?
- Isusumbong mo ba sa akin kung minamaltrato ka ng iba? (Bakit o bakit hindi?)
- Kapag ang pananalbahe ay ginagawa sa ibang bata, ano ang nararamdaman mo?

- Ano ang ginawa mo?
- Nangyayari ba ito online? Balita ko ay pwede mo silang i-block o i-mute -- makatutulong ba iyon? Kung hindi, sasabihin mo ba sa akin kung bakit? Kung makatutulong, pwede mo bang ipakita sa akin kung paano iyon gagawin?
- (Kung wala kang ginawa) mas nanaisin mo ba kung sana ay may ginawa ka?
- Ano sa tingin mo ang gagawin mo kapag nangyari ulit ito?
- Sa tingin mo ba ay makakatulong iyon sa iyo kung ikaw ang binu-bully?
- Sa tingin mo ba makakatulong ka sa iba sa pagiging mabuti o kaya ay sa simpleng pakikinig lang?
- Alam mo naman na kapag ang isang tao ay may nakitang masama online at ipinakita niya ito sa iba, mas lalala lang ang sitwasyon, tama?
- Magiging komportable ka bang tulongan ang isang kaibigang sinasaktan online?
- Paano mo ito gagawin? Pupunahin ang masamang asal (ngunit hindi magsasabi ng masama sa tao)? Magpo-post ng magandang bagay tungkol sa taong sinasaktan? I-text o i-DM sila at sabihang sinusuportahan mo sila? I-text o i-DM din ang ibang kaibigan at kaklase upang humingi ng suporta online o pribado man para sa taong sinasaktan?

Upang maging upstander, minsan ay sapat na ang maging kaibigan sa isang taong binu-bully – ang simpleng pakikinig sa kanila, ang pagbibigay ng pagmamahal at positibong asal, o ang maiparamdam na naaon para sa kanila.



### Kind Kingdom

Lahat ng uri ng "vibes" ay nakakahawa, makabubuti man o makakasama. Sa isang maaraw na bahagi ng nayon, may mga aggressor na nagpapakalat ng negatibong asal at gawa kung saan-saan.

I-block at i-report ang mga aggressor upang mapigilan ang kanilang pagsalakay at maging mabuti sa mga kapwa-Internaut upang manumbalik ang kapayapaan sa kalupaan.

Buksan ang web browser sa iyong desktop o mobile device at bisitahin ang [g.co/KindKingdom](https://g.co/KindKingdom)

# Kung May Pagdududa, Pag-usapan

Mahalagang malaman at matutunan ng mga bata na hindi sila nag-iisa sa tuwing makakakita sila ng mga hindi akwang nilalaman o asal online na hindi sila komportable – lalung-lalo na kung nakakasakit ito sa kanila o sa taong mahal nila.

Hindi sila dapat magdalawang-isip na humingi ng tulong sa iyo o sa iba pang miyembro ng pamilya. Mabuti ring malaman nila na may mga pamamaraan para maging matapang online at gumawa ng aksyon kabilang dito ang pag-uusap sa mga bagay-bagay offline at paggamit sa mga online reporting tool.



## Mga Layunin

- ✔ **Paghikayat** sa mga bata na humingi ng tulong sa tuwing may negatibong bagay silang nakikita online o mga bagay na hindi sila komportable. Tulungan silang malaman na ang paghingi ng tulong sa ibang tao para mapabuti ang isang bagay ay isang matapang na gawain.
  - ✔ **Siyasatin** kung ang sitwasyon ay kailangan na pag-usapan ng harapan at personal, o kung kailangan i-report ang pang-aabuso online, o kaya ay parehas na dapat gawin.
  - ✔ **Alamin** ang mga pwedeng gawin para makakuha ng tulong, offline man o online.
- 

## Bago Kayo Magsimula

Bilang pamilya, makatutulong na mayroon kayong protokol o plano upang makakuha ng tulong gamit ang Internet. Hindi naman kailangan na ito ay komplikado – mga simpleng aktibidad lamang na mapag-iisipan ng bawat isa kung bakit at kung paano makakahingi ng tulong kapag nagiging masama ang sitwasyon online. Narito ang ilang mga payo na makatutulong sa inyo:

- Tukuyin kung ano ang pinahahalagahan ng iyong pamilya. Isa sa mga paraan para magawa ito ay: "*Sa ating pamilya, pinakikitunguhan natin ang mga tao ng may \_\_\_\_\_ online man o offline.*" (lagyan ang patlang ng salitang akma sa mga pagpapahalaga ng inyong pamilya at mga pamantayang kaugalian – hal. "*respeto*", "*kabutihan*", o "*dignidad*")
- Palaging panatilihin bukas ang linya ng komunikasyon at siguraduhin na ang tahanan ay magsisilbing isang ligtas na lugar kung saan pwedeng pag-usapan ang mga bagay na nangyayari sa paaralan at online.
- Pag-usapan lagi ang mga polisiya o alituntunin ng inyong pamilya tungkol sa inyong mga pagpapahalaga at prayoridad sa paggamit ng iba't ibang uri ng teknolohiya – para sa komunikasyon, libangan, trabaho, laro, pakikihalubilo, atbp.
- Pag-usapan ang mga ugali at polisiya ng pamilya tungkol sa kung ano ang katanggap-tanggap at hindi sa paggamit ng iba't ibang aparatp at social media, at kung kailan ito nararapat gamitin.



## Bokabularyo

### Protokol

Isang “opisyal” na plano na susundin – bilang layunin ng gabay na ito, nasa inyong pamilya kung ano ang mga hakbang na dapat gawin ng mga bata sa tuwing makakakita sila online ng mga bagay na hindi sila komportable.

### Tiwala

Paniniwala na ang isang bagay o tao ay mapagkakatiwalaan at tapat.

### Buo ang loob

Matapang – hindi ibig sabihin nito ay walang takot, dahil ang tao ay mas tinuturing na matapang kapag, sa harap ng takot o nerbiyos, gumagawa pa rin

ng paraan upang humingi ng tulong o gumawa ng positibong aksyon.

### Pag-report ng abuso

Sa gabay na ito, ginagamit ang terminong ito sa pagreport ng mga problema sa app at services ng social media na karamihan ay mayroong tool o sistema para gawin ito.

## Gawaing Pampamilya

### No. 1: Pagtatatag ng Internet help protocol ng pamilya

Sama-samang basahin ng malakas ang mga sumusunod na senaryo (kung may maisip pa kayong ibang sitwasyon, maaaring idagdag ito). May 3 patlang at 3 kahon na maaari ninyong pagpilian pagkatapos ng bawat senaryo. Piliin kung kailangan bang i-report online ang problema, o pag-usapan ito ng harapan, o parehas. Kung hindi ka sigurado, pag-usapan ninyo ito – marahil mayroon kayong iba’t ibang opinyon tungkol dito, at isa itong magandang paraan para malaman kung paano haharapin at lulutasin ang mga problema na posibleng makaharap online. Kapag pipiliin ang opsyon na isumbong ang pangyayari sa isang miyembro ng pamilya, kilalanin at ilagay ang pangalan nito sa patlang ayon sa pagkakasunod-sunod ng prayoridad. Halimbawa, kung ang magulang o tagapayo ang nangunguna, ilagay ang kanilang pangalan o palayaw sa patlang. Kung hindi sila pwede, isulat kung sino ang pwedeng lapitan at ilagay ang pangalan sa numero 2. Ganoon din ang gawin para sa pangatlong patlang.

Isaisip lang na wala naman talagang “tamang” tugon sa alinman sa mga aktibidad na ito. Ang layunin lang ay makabuo kayo ng plano na babagay sa inyong pamilya. Kapag may malinaw na plano at aksyon na ang pamilya, nakakatulong ito na mapawi ang mga pangamba at magtaguyod ng isang mabuti at positibong komunikasyon.

**Sitwasyon 1:** Sa paaralan ng iyong anak, Mayroong nagpo-post ng masasamang komento tungkol sa isa nilang kaibigan. Sa tingin ng iyong anak ay kilala niya kung sino ang tinutukoy ng mga komento pero hindi siya sigurado. Aling opsyon ang inyong pipiliin at sino ang mga taong pwedeng lapitan? Kung hindi naman kayo magkasundo, pag-usapan ang isyu at ano ang dapat maging hakbang.

- I-report ang problema online \_\_\_\_\_
- Kausapin ng harapan ang isang miyembro ng pamilya \_\_\_\_\_
- Parehas \_\_\_\_\_

**Sitwasyon 2:** Mga bata: May nakita kayong hindi magandang larawan online. Ano ang gagawin ninyo? Magulang: Ano ang nanaisin mong gawin nila?

- I-report ang problema online \_\_\_\_\_
- Kausapin ng harapan ang isang miyembro ng pamilya \_\_\_\_\_
- Parehas \_\_\_\_\_

**Sitwasyon 3:** May pinsan kayo na nag-post ng group photo online ng inyong family reunion, ngunit may isang miyembro ng pamilya na hindi natuwa sa itsura niya sa larawan. Hihingi ka ba ng tulong o ire-report ito?

**Laliman pa ang diskusyon:** Kung "oo" ang sinagot niyo sa parehong tanong, kanino at paano?

- I-report ang problema online \_\_\_\_\_
- Kausapin ng harapan ang isang miyembro ng pamilya \_\_\_\_\_
- Parehas \_\_\_\_\_

**Sitwasyon 4:** Habang nanonood ng cartoons ang iyong anak, biglang may nakita siyang di kanais--nais na nilalaman. Hindi ito akma para sa mga bata at hindi siya komportable dito. Pagkatapos magdesisyon kung ano ang dapat gawin, pag-usapan din kung ano ang pwede pang gawin upang mabawasan at maiwasan ang ganitong mga uri ng "surpresa" sa hinaharap.

- I-report ang problema online \_\_\_\_\_
- Kausapin ng harapan ang isang miyembro ng pamilya \_\_\_\_\_
- Parehas \_\_\_\_\_

**Sitwasyon 5:** May isa sa inyo ang naglalaro ng online game nang biglang may nag-chat na hindi ninyo kilala. Hindi naman ito masama o bastos, hindi niyo lang talaga kilala. Ano ang dapat ninyong gawin? I-report ito? O kausapin ang ibang miyembro ng pamilya?

- I-report ang problema online \_\_\_\_\_
- Kausapin ng harapan ang isang miyembro ng pamilya \_\_\_\_\_
- Parehas \_\_\_\_\_

**Laliman pa ang diskusyon:** Dapat bang hindi na lang pansinin ng naglalaro ang taong ito? O sama-samang kausapin ng iba pang miyembro ng pamilya ang taong ito para makilala kung sino siya (bakit o bakit hindi?)

**Sitwasyon 6:** May napansing post ang iyong anak kung saan ang isang ka-eskwela niya ay nag-post ng isang komento na nagsasabing makikipag-away ito sa iba pang estudyante sa kanilang kainan kinabukasan. Pag-usapan kung ano ang dapat nilang gawin sa ganitong sitwasyon.

- I-report ang problema online \_\_\_\_\_
- Kausapin ng harapan ang isang miyembro ng pamilya \_\_\_\_\_
- Parehas \_\_\_\_\_

## No. 2: Pagre-report ng mga problema online

Sama-samang umupo at gumamit ng phone, table, laptop, o desktop computer. Siguraduhin lang na malinaw at nakikita ang screen ng lahat.

Buksan ang paborito ninyong social media app o site gamit ang dalawa o higit pang account. Pag-aralan ninyo kung paano mag-report ng problema sa mga app na ito.

Minsan mas magaling at mas marunong pa ang mga bata kaysa sa kanilang magulang pagdating sa paggamit ng social media app. Hayaan ang mga ito na ipakita ang kanilang galing sa paggamit nito sa iyo, nang matutunan mo rin. Kung may gusto pang matutunan ang iba kung paano ito ginagawa sa app na gamit ninyo, magandang pagkakataon ito para sama-sama kayong matuto tungkol sa teknolohiyang ginagamit ninyo.

# Ano na ang susunod?

Wow! Ang daming Internet Awesomeness na maaari ninyong sama-samang gawin!

Sana ay nasiyahan kayo sa mga ideya at aktibidad na ito. Kung gusto niyo ng higit pa, o para marinig ang ibang boses at malaman ang ibang pananaw, tingnan ang mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon.

Pinakamahalaga sa lahat, mag-enjoy kayo sa pag-explore ng kung ano ang akma sa inyong pamilya para sama-samang maging **Matalino**, **Alerto**, **Malakas**, **Mabuti**, at **Buo Ang Loob** online man o offline sa Internet.

---

## Ibang pang mapagkukunan ng impormasyon para sa pamilya

### **Google Family Link**

[bit.ly/googlefamilylink](https://bit.ly/googlefamilylink)

### **Google Digital Wellbeing**

[bit.ly/googledigitalwellbeing](https://bit.ly/googledigitalwellbeing)

### **Good Digital Parenting at FOSI**

[bit.ly/gooddigitalparenting](https://bit.ly/gooddigitalparenting)

### **Connect Safely**

[connectsafely.org](https://connectsafely.org)

### **iKeepSafe**

[ikeepSAFE.org](https://ikeepSAFE.org)

### **Family Resources at National PTA**

[bit.ly/familyresourcesPTA](https://bit.ly/familyresourcesPTA)

### **“Savvy Searching”**

**(from Google for Education)**

[bit.ly/savvysearchingYouTube](https://bit.ly/savvysearchingYouTube)

### **Connected Parenting**

[bit.ly/ConnectedParentingArticle](https://bit.ly/ConnectedParentingArticle)



# Gabay ng Family Link para sa Pamilya

## Isang gabay sa pagtatakda ng patakarang pang-digital ng pamilya.

Sa panahon ngayon, nakapaligid sa atin ang iba't-ibang mga device -- na laging nagtatawag-pansin sa atin -- kung hahayaan natin sila. Para sa mga pamilya, ang pag-unawa at pagbuo ng patakaran pang-digital sa bahay ay isang mahalagang hakbang sa pagtuturo sa mga bata ng kanilang relasyon sa technology. Ngunit para sa karamihan ng mga bata, maaari itong magmukhang "power play" ng magulang -- isang pagpapatunay na kontrolado nila ang mga anak. Pero hindi kailangang maging ganito.

Maaari itong mapag-usapan at maaari mong tulungan ang iyong anak na maunawaan ang halaga ng mga patakarang ito. Ang mga paksa sa ibaba ay mga feature na mahahanap sa Family Link, ngunit ang pagtalakay ng wastong paggamit ng teknolohiya ay makakatulong sa kahit sinong magulang. Ang Family Link ay isang app na makakatulong sa magulang na maging maalam sa paggamit ng anak ng Android device. Maaaring magamit ng mga magulang ang Family Link sa Android\*, iPhone, o Chromebook device.

\*Para sa device ng iyong anak, gumagana ang Family Link sa Android devices na may version 7.0 (Nougat) at pataas. Maaari ring gumana ang Family Link sa mga device na tumatakbo gamit ang mga Android version na 5.0 at 6.0 (Lollipop at Marshmallow). Ang Family Link ay gumagana rin sa iilang Chromebook devices.

Pumunta sa [families.google.com/familylink/device-compatibility](https://families.google.com/familylink/device-compatibility) at sa aming Help Center para sa karagdagang impormasyon.

## Gabayan ang iyong anak sa paghanap ng angkop na content

Hindi ba maganda na malaman kung gaano katagal sa app na pang-edukasyon ang anak mo kumpara sa mga app na dina-download nila? Ang Family Link ay may mga tool para sa mga magulang gaya ng report ng paggamit na pang-araw-araw, lingguhan, at buwanan. Kaya nama'y magkakaroon ka ng magandang ideya kung paano ginagamit ng iyong anak ang kanyang device.

### Paghihigpit sa nilalaman at pag-apruba ng app

Kapag in-access ng bata ang Google Play Store, maaari nilang makita ang mga game, pelikula, palabas, libro, at marami pang iba. Karagdagan dito, dahil sa Family Link, maaaring gawin ng mga magulang ang:

- Magtakda kung anong uri ng nilalaman ang maaaring makita batay sa mga rating nito
- Manghingi ng apruba bago makapag-download (libre man o may bayad)
- Masuri ang impormasyon na nasa app bago makapag-download upang malaman kung mayroon ba itong ads, in-app purchases o permissions na inyong gusto malaman

Kausapin ang iyong anak tungkol sa pagkakaiba-iba ng mga marka ng bawat content (gaya ng "E for Everyone" vs. "Teen") para maipaliwanag ang paghihigpit sa bawat lebel ng edad at tulungang maunawaan ang mga klase ng content na naaayon sa kanila.

### Report sa App Activity

Mas madaling pag-usapan kasama ang mga anak ang tungkol sa teknolohiya kung alam mo ang gusto nilang gawin gamit ang kanilang devices. Mahilig ba mag-chat ang anak mo? Maglaro? Magbasa? Kausapin ang iyong anak tungkol sa apps and games na pinakagusto nila at silipin gamit ang Family Link app kung anong app ang madalas nilang gamitin ayon sa report ng app activities. Ang mga report na ito ay may breakdown kung gaano kadalas gumamit ng app ang inyong anak. Ang report ay may pang-araw-araw na gamit, lingguhan o buwanan.

### Itago ang apps

Maaari mong gamitin ang pinapanood, nilalaro o inaaral ng iyong anak bilang basehan ng pagtatakda ng sapat na screen time para sa kanya. Kung ang report ay pinapakita na lampas na sa sapat na oras ang paggamit ng iyong anak sa isang app (gaya ng bagong paborito niyang game), maaari mong itago ang app ng panandalian. Pag-usapan ninyo ng iyong anak kung sa tingin nila ang oras na itinakda para sa paggamit ng device o app ay nakakabuti para sa kanya at ipaliwanag sa kanya kung bakit niya kinakailangan munang magpahinga mula sa paggamit ng device o app. Wala sa mga app history (tulad ng game progress o ang kanilang pinakamataas na mga score) ang mabubura -- mananatiling nakatago ang app hanggat gusto mo na ito muling magamit ng iyong anak.

Kapag pinag-uusapan ninyo ang mga app, pag-usapan niyo rin ng iyong mga anak ang apps at games na gusto nila. Magandang pagkakataon ito para malaman kung saan sila interesado habang ipinapaunawa mo sa kanila ang kahalagahan ng pagbalanse sa paggamit ng mga app at ng mga gawain sa paaralan, sa bahay, maging ang paglalaro sa labas.

## Bantayan ang kanilang screen time

Ang pagdedesisyon kung gaano katagal maaaring gamitin ng iyong anak ang kanyang device ay nasa inyo, ngunit makakatulong ang Family Link sa pagtatalaga ng limitasyon.

### Limitasyon ng screen time

Maaaring magtalaga ng pang-araw-araw na screen time permissions para sa Android device ng iyong anak. Magandang pagkakataon ito para pag-usapan ninyo ng iyong anak kung ano ang sapat na panahon na maaari niyang gamitin ang kanyang device bawat araw at pagkasunduan ang mga limitasyon na sumasang-ayon sa inyong dalawa. Makikita ng magulang at anak kung ilang oras na lamang ang natitira. Sa paraang ito, magagampanan ng magulang ang pangangalaga ng paggamit ng teknolohiya ng kanilang anak o kaya naman, ang partisipasyon ng anak sa pangangalaga ng sarili pagdating sa kanyang screen time.

### Pagtakda ng oras ng pagtulog

Kapag oras na ng pagtulog, mahalagang bawasan ang mga nakakapag-agaw pansin sa iyong anak upang makakuha siya ng sapat na oras ng pagtulog. Maaaring magtakda ng device "bedtime" sa oras na dapat nagpapahinga ang iyong anak gamit ang Family Link. Mula sa pagkakaroon ng lakas gawin ang lahat ng kanyang makakaya sa soccer field o konsentrasyon para ma-perfect ang test, mahalagang maunawaan ng mga bata ang positibong epekto ng device-free na oras ng pagtulog sa pag-iisip at pangangatawan. Maaari ring gamitin ang pagkakataon na ito para ipaliwanag sa iyong anak kung bakit ginagawan mo ng paraan na magpahinga mula sa iyong sariling device bago matulog.

### I-lock ang device ng bata remotely

Gamit ang Family Link app, maaaring i-lock ng magulang ang device ng anak sa oras ng homework o hapunan. Magandang pagkakataon ito upang pag-usapan at pagdedisyunan bilang pamilya kung kailan nararapat gamitin ang devices at kailan ang mga ito nakapatay at hindi abot kamay. Ang pamamaraan ng pag-lock ng device kahit hindi mo ito hawak ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga magulang na ipaliwanag ang ginagawa at patibayin ang desisyon ng pamilya, na nagbibigay-daan para sa pagturo at pangangasiwa ng sabay.

## Makita kung nasaan sila

Kung mayroon kang mga mas nakatatandang anak, marahil nangyari na sa iyo na mapapaisip ka na lang, "Nasaan ang anak ko?" Kadalasan, nasa kwarto lang sila o nasa labas kasama ang mga kaibigan. Pero maganda pa rin na malaman kung dala nila ang kanilang device at bukas ito, para magamit mo ang Family Link at mahanap sila.

### **Buksan ang device location**

Ipaalam sa iyong mga anak kung paano nakakatulong para sa iyo na nakikita ang lokasyon ng device nila.

### **Baguhin ang settings sa paglaki ng iyong anak**

Gamit ang Family Link, maaari mong palitan ang iba't-ibang mga account at device setting ng iyong anak na naayon sa kanyang pagtanda. Pag-usapan ninyo ng iyong anak ang mga pagbabago ng account at device settings niya at kung paano ito makakatulong sa pag-manage niya ng sarili niyang account at device sa darating na panahon.

## Gumawa ng Panunumpa ng Pamilya

Bilang nakakatulong ang Family Link sa pagbantay sa iyong anak habang siya ay nag-eexplore, mainam rin na bigyan mo ng sapat na impormasyon ang iyong anak para maging matalino at matapang na explorer online. Ang Be Internet Awesome ay isang programa para sa mga bata na nagtuturo ng digital safety and citizenship. Pag-usapan ninyo ng iyong anak ang mga paksang ito at sabay na pirmahan ang panunumpa ng Be Internet Awesome. Maaari mo ring anyayahang maglaro ang iyong anak ng Interland, isang libre na web-based game na tumatalakay sa mga paksa gaya ng pagbuo ng mga mahirap hulaan na password, pagiging mabuti online, pag-iwas sa phishing at scams, at pagiging maingat sa sariling reputasyon online. Maaari nilang ma-access ang Interland mula sa "Tips for Families," na makikita sa menu ng Family Link app.